# PIVOT EsPAPEL

*Edukasyon sa Pagpapakatao (EsP) Antas ng Pagpapahalaga, Ebalwasyon at Layon*

Pangalan: ________________________ Antas/ Baitang: ____________ Puntos: __________
Paaralan: _____________________ District / Cluster: ___________ Division: _____________

**Pinakamahalagang Kasanayang Pampagkatuto (MELC):** **Week: 7-8** **Quarter: 3**

- Napatutunayan na:

  a. Ang kasipagan na nakatuon sa disiplinado at produktibong gawain na naaayon sa itinakdang mithiin ay kailangan upang umunlad ang sariling pagkatao, kapwa, lipunan at bansa.

  b. Ang mga hirap, pagod at pagdurusa ay nadadaig ng pagpupunyagi tungo sa pagtupad ng itinakdang mithiin

## Layunin

Sa araling ito, ang mga mag- aaral ay inaasahang:

1. Naipamamalas ang pag-unawa sa kahalagahan ng kasipagan sa paggawa;
2. Nakagagawa ng mga hakbang upang mapanatili ang kasipagan sa pag-aaral o takdang gawain sa tahanan; at
3. Nakagagawa ng Chart ng pagsunod sa hakbang upang matupad ang itinakdang gawain nang may kasipagan at pagpupunyagi.

## Panimula

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1**:

Panuto: Tingnan mabuti ang mga larawan. Ilagay ang titik sa loob ng kahon upang mabuo mga salita. Isulat sa kuwaderno ang iyong sagot.

1. 


| K | | | | P | | | | N |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|



2.

| | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| **P** | | | | **U** | | | | **Y** | | | **I** |




3.

| | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| **P** | | | | **T** | | | | | | **D** |

**Sagutin ang mga tanong:**

1. Ano-ano ang mga nabuo mong salita mula sa larawan? Pamilyar ka ba sa mga iyan?

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

2. Sa iyong palagay tinataglay mo ba ang mga iyan? Pangatwiranan.

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

3. Ano ang kaugnayan ng mga ito sa paggawa?

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

# Pagpapaunlad

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:**

Panuto**:** Sagutin ang mga sumusunod. Tingnan ang kahon sa ibaba. Lagyan ng tsek ( √ ) ang kolum kung ito ay iyong naipamalas o hindi.

| SITWASYON | NAIPAMALAS | HINDI NAIPAMALAS |
|---|---|---|
| 1. Tinitiyak na magiging maayos ang kalalabasan ng gawain. | | |
| 2. Ibinibigay ang buong kakayahan, lakas at panahon sa gawain ng buong husay. | | |
| 3. Hindi sumusuko hanggat hindi natatapos ang gawain. | | |
| 4. Naglalakad imbis na sumakay kung malapit ang pupuntahan. | | |
| 5. Hindi na kailangan na utusan pagdating sa gawain sapagkat mayroong pagkukusa. | | |
| 6. Patuloy na sinusubukan na gawin ang gawain kahit na maraming beses na nagkakamali. | | |
| 7. Nagbababaon na lamang ng pagkain kaysa bumili ng mamahaling pagkain sa kantina o sa labas ng paaralan. | | |
| 8. May oras lamang sa paggamit ng TV, computer, electric fan at iba pa. | | |
| 9. Pinipilit na tapusin ang gawain kahit na nahihirapan. | | |
| 10. Nagbibigay ng malasakit sa gawain. | | |
| 11. Tinitiis ang pagod matapos lamang ang gawain. | | |
| 12. Hindi umiiwas sa gawain lalo na kung nakaatas ito sa kanya. | | |
| 13. Pagbili sa palengke kaysa mga malls | | |
| 14. Kahit maraming pinagdaraanang pagdurusa ay hindi tumitigil sa ginagawa. | | |
| 15. Ginagamit lamang ang cellpone sa importanteng text at tawag. | | |

Matapos mong sagutan ay tingnan mo ang ibig sabihin ng iyong sagot.

| Nagpapakita ng Kasipagan | Nagpapakita ng Pagpupunyagi | Nagpapakita ng Pagtitipid |
|---|---|---|
| • Kung ikaw ay naglagay ng tsek sa bilang 1,2,5,10 at 12 ikaw ay nagpapakita ng kasipagan.<br>• Kung ang ikaw ay nakakuha ng 4-5 na tsek, ibig sabihin ay indikasyon ito na nagtataglay ka ng kasipagan.<br>• Kung ikaw ay nakakuha ng 3 na tsek, ibig sabihin ay nasasaiyo na ang katangian ng pagiging masipag ngunit kailangan mo pa itong linangin.<br>• Kung ikaw ay nakakuha ng 1-2 sa mga bilang na nabanggit, ibig sabihin ay ibayong pagsisikap pa ang dapat mong gawin upang taglayin mo ang katangiang ito. | • Kung ikaw ay naglagay ng tsek sa bilang 3,6,9,11 at 14 ikaw ay nagpapakita ng Pagpupunyagi.<br>• Kung ikaw ay nakakuha ng 4-5 na tsek, ibig sabihin ay indikasyon ito ng Pagpupunyagi.<br>• Kung ikaw ay nakakuha ng 3 na tsek, ibig sabihin ay nasasaiyo na ang katangian ng pagpupunyagi ngunit kailangan mo pa itong linangin.<br>• Kung ikaw ay nakakuha ng 1-2 sa mga bilang na nabanggit, ibig sabihin ay ibayong pagsisikap pa ang dapat mong gawin upang taglayin mo ang katangiang ito. | • Kung ikaw ay naglagay ng tsek sa bilang 4,7,8,13 at 15 ikaw ay nagpapakita ng pagiging matipid.<br>• Kung ikaw ay nakakuha ng 4-5 na tsek, ibig sabihin ay indikasyon ito ng pagiging matipid.<br>• Kung ikaw ay nakakuha ng 3 na tsek, ibig sabihin ay nasasaiyo na ang katangian ng pagiging matipid ngunit kailangan mo pa itong linangin.<br>• Kung ikaw ay nakakuha ng 1-2 sa mga bilang na nabanggit, ibig sabihin ay ibayong pagsisikap pa ang dapat mong gawin upang taglayin mo ang katangiang ito. |

**Mga Tanong:**

1. Ano ang masasabi mo sa iyong gawain? Naging masaya ka ba sa kinalabasan ng iyong sagot? Bakit?

_______________________________________________

_______________________________________________

2. May mga natuklasan ka ba sa iyong sarili? Ano ito?Alin sa mga katangian ang iyong tinataglay?

_______________________________________________

_______________________________________________

3. Ano-ano ang indikasyon ng taong masipag, mayroong pagpupunyagi at marunong magtipid? Ipaliwanag.

_______________________________________________

_______________________________________________

4. Paano makatutulong ang mga pagpapahalagang ito sa tao sa kanyang paggawa? Ipaliwanag.

_______________________________________________

_______________________________________________

# RUBDOB (Pakikipagpalihan)

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3**

> "***Ang kasipagan at pagpupunyagi ay mababalewala kung ito ay hindi lalakipan ng pagtitipid at wastong pamamahala sa naimpok."***

Panuto**:**
1. Maghanap ng isang manggagawa na nagpapakita ng kasipagan, pagpupunyagi, pagtitipid at wastong pamamahala sa naimpok. Kapanayamin sila at ipakuwento ang kanilang mga naging karanasan sa kanilang trabaho at paano sila naging matagumpay.
2. Maaaring sila ay iyong kapitbahay, magulang, guro at iba pa.
3. Isulat ang kanilang kwento

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4**

Panuto**:**
1. Gumawa ng chart at isulat ang mga itinakdang gawain sa araw-araw at kung ito ay natutupad ng may kasipagan at pagpupunyagi. Isulat ang mga hakbang kung paano mo ito isasagawa.

2. Gumawa ng daily log na nagpapakita ng iyong gawain.

## Paglalapat

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5**

Panuto**:** Ano ang iyong natuklasan tungkol sa kahalagahan ng kasipagan, pagpupunyagi, pagtitipid at wastong pamamahala sa naimpok. Sumulat ng pagninilay sa iyong journal ukol dito. Gawing gabay ang mga tanong sa ibaba.

Bakit mahalaga ang kasipagan,pagpupunyagi, pagtitipid at wastong pamamahala sa naimpok?

Paano ito makatutulong sa iyong sarili at lipunang pag-unlad?

______________________________ ______________________________
______________________________ ______________________________
______________________________ ______________________________

## REPLEKSYON

A. Lagyan ng limang (5)☆(star) ang kahon sa ibaba kung nagawa mo nang maayos ang kahingian ng aralin, tatlo (3) kung katamtaman, at isa (1) kung nangangailangan ng karagdagang patnubay ng guro o magulang/ tagapangalaga.

B. Isulat sa patlang kung anong bahagi ng aralin ang nangangailangan ng karagdagang patnubay.

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

**Link / References:**

Edukasyon sa Pagpapakatao 9 (pahina 197-215)
https://www.slideshare.net/julianrikki/edukasyon-sa-pagpapakatao-grade-9-lm